

# ALAMIN ANG MGA PALATANDAAN NG MONKEYPOX

## PANGUNAHING MGA SINTOMAS

### PANTAL



Ang pantal ay maaaring:

- Kamukha ng mga bukol, tagihawat, paltos, sugat, o langib.
- Maging nasa kahit saan sa katawan kabilang ang mga ari, puwit, bibig, mga kamay at mukha.
- Maging nasa isang bahagi laman o maaaring kumalat sa buong katawan
- Maging makati o masakit (lalo na sa loob ng bibig o puwit)

## IBA PANG MGA SINTOMAS

### MGA SINTOMAS NA PARANG TRANKASO



Lagnat/pagkaginaw



Pagkapagod, pananakit ng kalamnan, at sakit ng ulo





Pamamaga ng mga kulani (lymph nodes)

- Ang mga sintomas na parang trankaso ay maaaring lumabas 1-4 na araw bago o pagkatapos magsimula ang pantal
- Hindi lahat ay magkakaroon ng mga sintomas na ito

**Ang mga sintomas ay pangkaraniwang nagsisimula 5-21 araw pagkatapos**

Ang pantal ay maaaring lumitaw sa iba't ibang mga anyo - tingnan sa ibaba. **Tandaan: maaaring iba ang hitsura ng pantal sa mga halimbawang ito.**



**KONTAKIN ANG IYONG DOKTOR SA LALONG PANAHON** kung mayroon kang bago, hindi maipaliwanag na pantal o sugat sa anumang bahagi ng iyong katawan. Lalo itong mahalaga kung nalantad ka sa ibang mayroon o pinaghihinalaang mayroong monkeypox.

Hanggang sa hindi mo alam kung mayroong kang monkeypox, gumawa ka ng mga hakbang para mabawasan ang panganib ng pagkakalat ng impeksyon kabilang na ang pagtatakip ng iyong pantal at paglayo mula sa iba. Tingnan [ph.lacounty.gov/monkeypoxisolation](https://ph.lacounty.gov/monkeypoxisolation).

### KUNG WALA KANG DOKTOR:

- Tawagan ang Pampublikong Kalusugan sa 1-833- 540-0473 (7 araw sa isang lingo 8 ng umaga - 8:30 ng gabi), o
- Bisitahin ang [Klinikang Sekswal na Pangkalusugan ng Pampublikong Kalusugan](https://www.lacounty.gov/health-services/sexual-health) na malapit sa iyo.

I-iskan ang QR na kodigo para makaita ng lokasyon



Para sa mas marami pang impormasyon sa Monkeypox, bisitahin ang [ph.lacounty.gov/Monkeypox](https://ph.lacounty.gov/Monkeypox)

Alamin ang mga Palatandaan ng Monkeypox 8/31/2022 (Tagalog\_Filipino)

